



**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
DILIMAN QUEZON CITY**

VOIP TRUNKLINE: 981-8500

LOCAL: 2558; 2556

DIRECT LINE: (632) 929-5401, (632) 927-1835

FAX: (632) 928-2863

E-Mail: chancellor.updiliman@up.edu.ph

OFFICE OF THE CHANCELLOR



MENSAHE

Sa mga iskolar ng bayan na magsisipagtapos sa taong ito, hayaan ninyong ipaabot ko ang aking mainit na pagbati.

Akmang-akma sa inyo ang “Pumailanlang” o *to soar* sa Ingles bilang tema ng Ika-105 Pangkalahatang Pagtatapos sa UP Diliman.

Sa loob ng apat, lima o higit pang mga taon ng pag-aaral ninyo sa UP, naging saksi ang Unibersidad sa inyong lungkot at saya, pagkabigo at tagumpay upang pagyamanin ang inyong kaalaman at linangin ang inyong kahusayan sa pinili ninyong larangan.

Hayaan ninyong ipabatid ko sa inyo ang aking paghanga sapagkat nasa inyo ang sangkap ng tagumpay – ang limang “T” – tiyaga, talino, talento, tapang at tatag.

Ang mga sangkap na ito ang naging gabay ninyo sa bawat pagtugon sa mga hamon at suliranin sa buhay sa loob at labas ng silid-aralan; sa mga pakikibaka o pakikiisa sa iba’t ibang mga isyu sa loob at labas ng bansa; sa mga pakikilahok sa mga gawain para sa kapakanan ng lipunan sa loob at labas ng Unibersidad, at sa pagsusumikap na isabuhay ang panatang “dangal at husay.”

Nariyan din ang pagmamahal, suporta at pagkalinga na natanggap ninyo mula sa inyong mga magulang, kapatid, kaibigan, *significant other* o mahal sa buhay maging ang mga mumunting tulong na ibinahagi sa inyo ng mga nakasalamuha ninyong mga manong, manang, kuya at ate sa kampus.

Ang lahat ng iyon ay humubog sa inyo at nagsilbing mga bagwis upang makalipad at pumailanlang hanggang sa makamit hindi lang ang pinakamimithi, at minsa’y mailap, na sablay, kundi maging ang inyong mga pangarap gaano man ito katayog o kahirap abutin.

Batid kong higit pa sa oras, pawis, dugo at luha ang ibinuhos ninyo upang sa wakas ay makapagsuot ng sablay na nagsisilbing simbolo ng inyong pagtatapos at simula ng bagong kabanata ng inyong buhay.

Para naman sa iilan, ito ay unang yugto pa lamang ng kanilang pang-akademikong gawain dito sa Unibersidad sapagkat maaaring may karugtong pa ang yugtong iyon kung sakaling


maisipan ninyong maglingkod sa UP bilang guro o kawani, o kumuha kayo ng pangalawa o panggraduwadong kurso, Master's man o PhD.

Sa pag-abot ninyo sa inyong mga pangarap, alam kong may mas malaki pang hamon kayong kakaharapin. At sa bawat hamon na iyon, kakailanganin ninyong balansehin ang lahat ng aspeto ng inyong buhay. Kakailanganin ninyong magdesisyon para sa inyong sarili, para sa pamilya, para sa bayan.

Kasabay ng pagbuo ninyo ng panibagong kabanata ng inyong buhay sa labas ng Unibersidad, hayaan ninyong pabaunan ko kayo ng isang tagubilin. Huwag sana ninyong kalimutan na maglingkod sa ating bayan at patuloy na isabuhay ang panatang "dangal at husay." Ang pagbabahagi ninyo ng inyong karunungan at kahusayan sa ating bansa ay magiging daan upang tulad ninyo ay muli itong pumagaspas patungo sa pag-unlad.

Sa inyong pagtatapos, muli ninyong ibuka ang inyong mga pakpak at ihanda ang mga sarili sa muling paglipad baon ang mga sangkap ng tagumpay para sa panibagong landas na inyong tatahakin at sa paglilingkod sa bayan.

Maligayang Araw ng Pagtatapos! Mabuhay kayo, mga Iskolar ng Bayan!



Dr. Michael L. Tan
Tsanselor